

Mga Nakatutulong na Mapagkukunan ng Impormasyon

Tingnan ang mga impormasyon tungkol sa eleksyon, pagboto, at iba pa sa [sfelections.org](https://www.sfelections.org)

Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon sa registertovote.ca.gov

Tingnan ang inyong rehistrasyon, humiling ng pamalit na balota, at iba pa sa [sfelections.org/voterportal](https://www.sfelections.org/voterportal)

Planuhin ang inyong pagboto para sa Nobyembre 3 na eleksyon sa [sfelections.org/myelectionnavigator](https://www.sfelections.org/myelectionnavigator)

Mag-sign up para makatanggap ng email, text, o tawag na mga notipikasyon ukol sa pagsubaybay sa balota sa [wheresmyballot.sos.ca.gov](https://www.wheresmyballot.sos.ca.gov)

Alamin ang tungkol sa ranked-choice voting (RCV, pagraranggo ng boto) at magsanay kung paano ang pagboto ng RCV sa [sfelections.org/rcv](https://www.sfelections.org/rcv)

Humiling ng isinalin sa ibang wika na mga pang-eleksyong materyales sa [sfelections.org/language](https://www.sfelections.org/language)

May mga katanungan?



English: (415) 554-4375
Español: (415) 554-4366
中文: (415) 554-4367
Filipino: (415) 554-4310
TTY: (415) 554-4386

sfvote@sfgov.org

Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl.
City Hall, Rm 48
San Francisco, CA 94102

Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan sa Nobyembre 3!

Tumulong sa inyong komunidad at makatanggap ng sahod na aabot sa \$240 para sa inyong serbisyo. Itatalaga ang bawat manggagawa sa lugar ng botohan sa isa sa 588 na lugar ng botohan upang pangasiwaan ang pagboto sa Araw ng Eleksyon. Para mag-apply bilang manggagawa sa lugar ng botohan, bumisita sa [sfelections.org/pwa](https://www.sfelections.org/pwa) o tumawag sa (415) 554-4310.

    /sfelections



SAN FRANCISCO ELECTIONS

Boses ipaglaban! **BUMOTO** at manindigan!

**Nobyembre 3, 2020,
Pinagsamang Pangkalahatang Eleksyon**

Upang matiyak na ligtas na magagamit ng mga taga-San Francisco ang kanilang karapatang bumoto sa Nobyembre 3 na eleksyon, magpapadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga balota sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng rehistradong botante sa Oktubre.



Tatlong Paraan para Makaboto


Pagpaparehistro upang Makaboto

1. Bumoto sa pamamagitan ng Koreo

Upang matiyak na makaboboto ang mga taga-San Francisco sa ligtas na paraan, makatatanggap ang lahat ng botante ng balota sa kanilang koreo sa Oktubre. Maglalaman ang inyong pakete ng opisyal na balota, kalakip na instruksiyon, pambalik na sobre na bayad na ang selyo, at “Bumoto Ako!” na sticker.

Bumoto at ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon! Upang mabilang, dapat mai-postmark ang sobre ng inyong balota bago o sa Nobyembre 3.

Upang masubaybayan ang katayuan ng inyong balota, pumunta sa sfelections.org/voterportal. Maaari din kayong mag-sign up para makatanggap ng mga notipikasyon sa email, text, o tawag sa wheresmyballot.sos.ca.gov.



Upang ma-check kung kayo ay nakarehistrong bumoto sa San Francisco o kumpirmahin kung ang inyong impormasyon ay napapanahon, pumunta sa sfelections.org/voterportal.

Para magparehistro upang makaboto, pumunta sa registertovote.ca.gov o makipag-ugnayan sa amin upang makatanggap ng form ng rehistrasyon sa koreo.

Accessible na Sistemang Vote-by-Mail (AVBM)

Maaaring gumamit ang lahat ng botante ng sistemang AVBM upang makuha ang kanilang balota sa sfelections.org/access. Nagpapahintulot ang sistemang AVBM sa mga botante na markahan ang mga balotang nababasa sa screen at akma ito sa personal na aparatong may teknolohiyang nakatutulong, tulad ng head-pointer at sip and puff.



Mga Mahahalagang Petsa

2. Bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall

Mag-aalok ang Sentro ng Botohan sa City Hall ng mga serbisyo para sa pagpaparehistro at pagboto mula Oktubre 5 hanggang sa pagsasara ng mga botohan sa Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3.

Upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan, itatayo ang Sentro ng Botohan sa City Hall sa harap ng Bill Graham Civic Auditorium sa 99 Grove Street, na nasa pagitan ng mga kalye ng Polk at Larkin.

Bukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall sa mga sumusunod na oras:

- Lunes hanggang Biyernes, Oktubre 5-Nobyembre 2, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Sabado at Linggo, Oktubre 24-25 at Oktubre 31-Nobyembre 1, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3 mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.




Oktubre 5: Umpisa ng maagang pagboto (magsisimulang dumating ang mga balota sa inyong mailbox, at magbubukas na ang Sentro ng Botohan sa City Hall).

Oktubre 19: Huling araw ng pagpaparehistro upang makaboto at makatanggap ng balota sa koreo. Matapos ang Oktubre 19, maaari pa ring personal na magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal ang sinumang kwalipikado na bumoto.

3. Bumoto sa inyong Lugar ng Botohan

Sa Araw ng Eleksyon, Martes, Nobyembre 3, magbubukas ang 588 na lugar ng botohan sa Lungsod para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balota mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Pinagtibay ng Departamento ang ilang bagong alintuntunin ukol sa kalusugan at kaligtasan sa lahat ng lugar ng botohan.

Upang mahanap ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan at i-check ang mga oras ng paghihintay, pumunta sa sfelections.org/myvotinglocation.



Araw ng Eleksyon, Nobyembre 3: Bukas ang lahat ng lugar ng botohan para sa paghuhulog ng balota at sa pagboto nang personal mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. Dapat mai-postmark bago o sa araw na ito ang mga balotang ibinalik sa pamamagitan ng koreo upang mabilang.